REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93-84

KAPASIYAHAN NA NAGKAKALOOB NG KARAGDAGANG KALUWAGAN SA MGA KAWANI NG KOMISYON SA PAGSUSURI (COMMISSION ON AUDIT) NA NAKATALAGA SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA AT ANG PAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN TATLUMPU'T WALONG LIBONG PISO (P138,000.00).

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Komisyon sa Pagsusuri ay nagtalaga at naghirang ng ilang kawani sa Bayan ng Muntinlupa upang magampanan nito ang mga tungkulin na naaayon sa Saligang-Batas at iba pang umiiral na batas upang mapangalagaan ang pondo at iba pang pag-aari sa Muntinlupa;

SAPAGKAT, tulad ng ibang pinuno at kawani ng Pamahalaang Nasyonal na nakatalaga sa Muntinlupa, ang mga kawani ng Komisyon sa Pagsusuri ay dapat bigyan ng karagdagang kaluwagan upang matugunan ang kanilang personal na mga pangangailangan at ng kanilang pamilya;

SAPAGKAT, sa ilalim ng Sec. 447, Par. 1 (xi) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay may karapatang magbigay ng karagdagang kaluwagan at iba pang benepisyo sa mga pinuno at kawani ng Pamahalaang Nasyonal na nakatalaga doon;

NGAYON, DAHIL DITO, sa pamamagitan ng pahintulot at ng laang-gugulin para sa hangaring pagbabayad o pagbibigay ng karagdagang kaluwagan sa nasabing mga kawani ng Komisyon sa Pagsusuri (Commission on Audit) ang halagang Isang Daan Tatlumpu't Walong Libong Piso (P138,000.00) ay nararapat laang na ipagkaloob simula ika-1 ng Enero, 1993 hanggang ika-31 ng Disyembre, 1993, tulad ng sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Chief COA Representative | - | P2,500.00/month |
| Staff (6) | - | P1,500.00/month |

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-52nd na regular na pulong na ginanap ngayong ika-23 ng Agosto, 1993.

PINATOTOHANAN:

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Pansamantalang Tagapangulo

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo,Samahan ng mga
Sangguniang Barangay

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan